Ang bawat nakalalasing ay bawal.

Ayon kay Abū Burdah, ayon sa ama niyang si Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) ay nagpadala sa kanya sa Yemen. Kaya nagtanong siya rito tungkol sa mga inuming ginagawa roon sapagkat nagsabi siya: "At ano po ang mga ito?" Nagsabi ito: "Ang bit` at ang mizr." Sinabi kay Abū Burdah: "Ano ang bit`?" Nagsabi siya: "Ang nabīdh ng pulut-pukyutan at ang mizr ay ang nabīdh ng sebada." Kaya nagsabi ito: "Ang bawat nakalalasing ay bawal."} Nagsadokumento nito si Imām Al-Bukhārīy. Nagsadokumento rin nito si Imām Muslim. Ang pagkakasambit nito: {Nagpadala ang Sugo ni Allāh sa akin at kay Mu`ādh sa Yemen. Kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, tunay na may inuming ginagawa sa lupain namin na tinatawag na mizr na gawa sa sebada at may inuming tinatawag na bit` na gawa sa pulut-pukyutan." Kaya nagsabi ito: "Ang bawat nakalalasing ay bawal."} Sa isang salaysay batay kay Imām Muslim: {Kaya nagsabi siya: "Ang bawat anumang nagpapalasing palayo sa pagdarasal, ito ay bawal."} Sa isa namang salaysay batay pa rin kay Imām Muslim: {Ang Sugo ni Allāh ay binigyan nga ng masasaklaw sa mga pananalita kalakip ng mga pangwakas nito saka nagsabi siya: "Sumasaway ako laban sa bawat nakalalasing na nagpapalasing palayo sa pagdarasal."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim]

Nagpapabatid si Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) ay nagsugo sa kanya sa Yemen. Kaya nagtanong siya rito tungkol sa mga inuming ginagawa roon kung ang mga ito kaya ay bawal. Kaya nagpalinaw ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mga ito. Kaya naman nagsabi si Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): Ito ay ang bit`, na nabīdh ng pulut-pukyutan, at ang mizr, na nabīdh ng sebada. Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), na binigyan nga ng masasaklaw sa mga pananalita: "Ang bawat nakalalasing ay bawal."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/66536